



PAANO MAKIPAG-UGNAYAN NANG LIGTAS SA MGA KOMUNIDAD

Mga tips para sa mga volunteer sa pagsasagawa ng mga personal na pulong sa komunidad ngayong may COVID-19

1 Bago ang aktibidad




Iwasang magsuot ng mga gamit na kakailanganing disimpektahin pagkatapos

Ihanda nang ligtas ang mga pulong sa komunidad sa ganitong paraan:

- Itakda itong **gawin sa labas** kung maaari at ayon sa seguridad ng lugar
- Hilingin sa mga kalahok na magmanatili ng **2m na distansya** sa isa't isa. Puwede kang maghanda ng mga upuan bago ito magsimula
- Subukang **limitahan sa 5 ang mga lalahok**, at hanggang 2 lang dapat ang mga tagapangasiwa
- Magsuot ng naaangkop na personal na pamproteksyong kagamitan ayon sa mga rekomendasyon ng NS
- Hikayatin ang mga kalahok na **magsuot ng mask**

Manatili sa bahay kung may mga nararamdaman kang sintomas ng COVID19



Iwasan ang mga karaniwang pisikal na pagbati (halimbawa: ang pakikipagkamay) at sumubok ng mga bagong gawi nang hindi nagdidikit



Umubo o bumahing sa loob na bahagi ng iyong braso



Huwag hawakan ang iyong mukha


Habang isinasagawa ang aktibidad

2



Huwag pumasok sa mga bahay. Sa pagbabahay-bahay, puwede kang makipag-usap sa may bintana o pintuan habang nagpapanatili ng distansya na 2 metro

Gumamit ng mga materyal na makikita sa malayo sa halip na mamigay ng mga flyers, at brochures para maiwasan ang pagkahawa sa virus



3 Pagkatapos ng aktibidad



Dis-impektahin ang lahat ng gamit

Maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos makisalamuha sa bisita sa bahay o sa komunidad



Magtalaga ng lugar para sa pag-aalis at paglilinis ng damit na ginamit sa outreach; tandaang dapat itapon ang mga disposable na mask sa basurahang may takip araw-araw at hindi dapat ito gamitin ulit!



Para sa higit pang tip tungkol sa pagpapabatid ng panganib at pakikipagtulungan sa komunidad, pumunta sa:

<https://communityengagementhub.org/what-we-do/novel-coronavirus/>